# ANG LALAKING PANTAY ANG TABAS NG BUHOK SA HARAPAN NG KANYANG MUKHA

Jay Jomar F. Quintos

Hindi ko mawari kung ilang beses ngunit natitiyak kong hindi lamang miminsang napukaw ang atensyon ko ng kanyang buhok. Iyong pantay na hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha na tila nagpapaligsahan sa pagtubo. May bitbit na alaala para sa akin ang ganoong tabas ng buhok. Sa tuwing makikita ko iyon, may kung anong nagdadala sa akin pabalik sa Balutakay sa Bansalan. Hindi ko maiwasang iparis ang hibla ng kanyang buhok sa mga nakasalansan at pinaglalaruan kong bao ng niyog simula pagkabata. Sa tuwing bumibisita ako noon sa koprahan na pag-aari ng aking pamilya, na hindi rin naman kalayuan sa bahay namin, nakikita ko ang mga gabundok at nagpapatong-patong na bao ng niyog na malimit kong sinusuri at pinag-aaralan. Tinitimbang ko sa kamay ang bigat at maging ang taglay na tekstura nito, lalo na ang mga hibla na gustong-gusto kong inuukilkil. Tulad iyon ng pantay niyang buhok na lagi kong pinagmamasdan.

Sa isang klase noon tuwing umaga ng Martes at Huwebes, nakikita ko siya na walang imik na pumapasok sa pintuan ng classroom. Marahan siyang uupo sa pinakadulong bahagi ng silid. Mula sa kinauupuan ko'y pasimple akong susulyap sa kanya. Pansin ko na sa tuwina'y tahimik lamang siyang mag-aabang sa pagdating ng aming propesor, hindi kumikibo, minsan nama'y nakatungo lamang na pinag-aaralan ang mga matematikal na pormula o kaya'y ang espasyo kung saan at kung kailan nagtatagpo ang mga heometrikal na linya sa binubuo nitong iba't ibang hugis at anyo. Ang klaseng iyon sa matematika ang isa sa mga hindi ko malilimutang klase sa kolehiyo. Bukod sa kakabit na kalituhan at pighati ng mga nanggagambalang numero, pangangapa para sa aming mga nasa unang taon pa lamang ang hatid ng klaseng iyon. Marahil, isa rin sa mga dahilan kung bakit kahit natapos na ang semestreng iyon, naging malapit na magkakaibigan kaming lahat. Ang pagiging bagito sa gitna ng marahas na mga numero at pormula ang nagbuklod at nagbigkis sa amin upang maging palagay ang loob sa isa't isa.

Iisang hitsura ang lagi kong naaalala na imahen niya. Sa tuwina'y lagi siyang nakasuot ng maluwang at kupas na T-shirt kaya't litaw na litaw ang patpatin niyang katawan. Kitang-kita sa suot niya ang payat na payat na braso sa maluwang na manggas at ang mumurahing katawan na nagtatago sa loob ng manipis na damit. Hindi tulad namin na mga ka-edad niya, halatang mabagal ang pag-unlad ng kanyang katawan. Habang nagsisimula na sa pagputok ang aming mga dibdib at braso, tila napag-iwanan naman ang kanyang katawan. Habang nagpapaligsahan sa pagtubo at paghaba ang iba't ibang anyo ng buhok sa balat namin, ang sa kanya'y tila papasimula pa lamang.

Isang tanghali iyon na kumakain ako sa Kalimudan nang bigla siyang lumapit at tumabi sa akin. Mag-isa lamang ako sa mahabang mesa na mayroon pang mga bakanteng upuan. Bitbit niya ang plato na mayroong dalawang takal ng tasa na kanin at isang hotdog na tila lumulutang sa ketchup. Matagal ko nang alam na Victor ang pangalan niya, ngunit ang pagkakataong iyon ang unang beses na pormal kaming nagpakilala sa isa't isa. Sa pag-uusap namin habang kumakain, nalaman kong nagmula siya sa Matanao, karatig ng pinanggalingan kong bayan. Halos tatlong oras kung tutuusin ang layo ng biyahe mula sa mga bayan namin patungo sa unibersidad sa lungsod ng Davao kung saan kami nag-aaral. Marami-rami sa mga batang mag-aaral mula sa dako ng aming probinsya ang piniling makapag-aral sa lungsod ng Davao, lalo na iyong mga medyo nakaaangat sa buhay ngunit hindi pinayagan ng mga magulang na ipagpatuloy ang pag-aaral sa Maynila. Ngunit para kay Victor, hindi naman daw sila nakaaangat sa buhay. Hindi nga raw niya sukat akalain na makakapag-aral siya ng kolehiyo. Kung sa pang-araw-araw na pagkukunan na lamang ng kakainin ay hindi na napagkakasya ng kanyang nanay ang sahod nito, lalo at higit na hindi nila kakayanin ang magpaaral pa ng kolehiyo sa lungsod ng Davao. Kaya't malaki raw ang pasasalamat ng kanyang pamilya sa natanggap na scholarship mula sa mayor ng Matanao. Bagaman maliit lamang ang binabayaran naming matrikula sa unibersidad, malaking tulong para kay Victor ang buwanang allowance sa mga gastusin sa unibersidad na kinakailangang bayaran. Nariyan ang pambayad sa rerentahang kuwarto sa dormitoryo, baon para sa pang-araw-araw na pagkain, at pambili ng mga pangangailangan sa kurso.

Minsan nang nabanggit ni Victor na guro sa pampublikong paaralan sa Matanao ang kanyang nanay. Minsan na rin niyang naibahagi na tatlong araw bago siya tumuntong ng first year highschool, nalaman nilang namatay ang kanyang tatay. Nagtatrabaho ito bilang construction worker sa lungsod ng Davao at tuwing ikatlong linggo ng buwan kung umuwi sa Matanao. Ngunit isang gabi, habang tinatawid daw nito ang Bankerohan River mula Sandawa,

tinambangan ito ng dalawang lalaki na lulan ng motorsiklo. Apat ang tama ng baril sa katawan nito: isa sa tiyan, isa sa dibdib, at dalawa sa mukha. Tiniyak ng dalawang lalaki na hindi na ito muling mabubuhay sa pang-apat na pagtama ng putok ng baril sa katawan. Hanggang doon lamang ang impormasyong ibinahagi ni Victor. Gusto ko mang tanungin kung sino, o kaya'y bakit, o kaya nama'y papaano, hinayaan ko na lamang na gawin niyang pribado ang bagay na iyon. Ngunit sa isip-isip ko, piliin man ni Victor ang ikukuwento at tatanggalin sa naratibo ng pagpaslang sa kanyang tatay, malay ang bawat isa sa aking henerasyon sa mga nangyayari sa lungsod. Mulat naming nakikita ang iba-ibang anyo ng pagpaslang sa tuwing sasapit ang gabi, sa mga sulok-sulok man o matao na lunan sa lungsod. Ngunit animo'y pipi ang bawat isa sa nakikita, tinatanggap na lamang ito bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay sa lungsod. Sa una at huling dinaluhan kong mobilisasyon sa unibersidad ukol sa kontrobersya hinggil sa pandaraya sa eleksyon ng ikalawang babaeng pangulo ng bansa, natatandaan kong naiiba ang kinuhang plakard ni Victor kaysa sa amin. Kinuha namin ang plakard na nagsasabing "GLORIA PAHAWAON" at "SINGGIT SA KATAWHAN: GLORIA PANUBAGON" habang kinuha naman niya iyong may nakasulat na "IHUNONG ANG PAGPATAY. STOP SUMMARY EXECUTION."

Kung tutuusin, iba't iba ang motibasyon ng mga estudyante mula sa mga liblib na bayan na nagtutungo sa lungsod ng Davao upang doon ipagpatuloy ang pag-aaral. Bukod sa tinatanaw na mas malaki at mas malawak na oportunidad at pagpipilian sa mga kurso, pinagbubuklod ang bawat isa ng kagustuhang may patunayan sa pamilya o sarili. Mayroong mga katulad ni Victor na nagpupursiging makatapos ng pag-aaral upang matulungan ang pamilya, ang iba nama'y dahil pinilit ng kanilang mga magulang, at ang iba nama'y pilit lumalayo sa kanilang pamilya. Aaminin kong kabilang ako sa mga estudyanteng piniling mag-aral sa lungsod ng Davao upang kahit papaano'y makalayo sa pamilya.

Nag-iisa lamang akong anak nina mommy at daddy kaya't naiintindihan ko kung bakit pinipilit nilang sa kalapit na lungsod ng Digos na lamang ako mag-aral. Marami rin naman akong kurso na maaaring pagpilian sa Cor Jesu, maraming tanyag at makapangyarihang tao at politiko ang nakapagtapos doon. Kaya't bakit nga ba lalayo pa ako? Halos tatlong oras din ang distansya ng biyahe mula bahay namin patungo sa lungsod ng Davao. Isa ito, marahil, sa mga dahilan kung bakit ilang beses din akong kinumbinsi nila mommy at daddy na huwag nang lumayo. Ngunit, naniniwala akong kinakailangan ko ang paglayo at pagkakaroon ng espasyo para sa sarili. Malimit nilang sinasabi: "Naunsa man ka? Ginahatag man namo sa imo tanan.

Unsa pay kinahanglan nimo?" Hindi na ako umiimik sa tuwing sasabihin nila iyon. Totoo naman na binibigay nila ang lahat sa akin ngunit may mga bagay talaga na hindi sapat ang paliwanag upang higit na maunawaan.

Lumaki ako sa isang tradisyonal na pamilya sa Balutakay kung saan ang batas ng mga nakakatanda'y hindi dapat mabali. Pipi at walang tinig ang mga mas nakababatang tulad ko na inaasahang kabuntot lamang at walang karapatang sumagot o lumaban sa sinasabi ng mas nakatatanda. Kung tutuusin, sa buong buhay ko'y laging sila mommy at daddy ang nagdedesisyon para sa akin. Sa damit na isusuot, sa pagkain na dapat kainin, sa mga lalaruing laro, at sa mga pupuntahang lugar. Mula noong highschool ay diretso na agad sa bahay at bawal na ang makipaglaro o kaya ay magliwaliw kasama ang mga kaklase. Hindi ko itatangging nasasakal na rin ako sa mundong ibinibigay nila sa akin, sa mundong kalkulado ang kilos at galaw, sa mundong sumusunod sa koda ng pormula, sa mundong walang kalayaan.

Nang maramdaman nila mommy at daddy na pursigido talaga akong mag-aral sa lungsod ng Davao, wala na rin silang nagawa kundi pumayag. Nguni't nagbigay sila ng isang kondisyon, sila ang pumili ng kursong kukuhanin ko. Wala man sa interes ko ang pagpapatakbo ng aming negosyo sa hinaharap, pinilit pa rin nila akong kumuha ng Agribusiness Economics. Mas makabubuti raw sa aming koprahan at taniman ng kape kung iyon ang aking aaralin. Iniisip nila na walang ibang magmamana ng kanilang koprahan at sakahan pagdating ng panahon kundi ang nag-iisa nilang anak.

Masasabi kong kakambal ng aking pagkatao ang koprahan at taniman ng kape. Simula pagkabata'y kaugnay na ng mga ito ang lagi kong nakikita at naaamoy. Habang lumalaki, lagi't lagi kong napagmamasdan saan mang sulok ako tumingin ang bao ng niyog at pinilas-pilas na buhok nito. Nariyan din ang mga nalalaglag sa bayong na *cherry* na inaani sa malawak naming sakahan ng kape. At kahit na anong pagtatago o paglilinis ang gawin ko, naroon at naroon pa rin ang pinaghalong samyo ng langis, pawis, at aroma ng kapipitas lamang na *cherry*. Saksi rin ako sa bawat tagaktak ng pawis at bulwak ng dugo ng bawat manggagawang napuputulan ng daliri dahil sa pag-iitak bunsod ng pagtitiyagang makuha ang langis sa niyog upang ipampaaral sa kanilang mga anak at ipampakain sa pamilyang kumakalam ang sikmura.

Noong araw na inihatid ako nila mommy at daddy sa dormitoryo sa Mintal, samot-saring paalala at bilin ang ibinigay nila sa akin. Mag-aral ka ng mabuti. Huwag kang sasama kung kani-kanino. Huwag kang sasali sa mga fraternity. Pagkatapos ng klase'y diretso ka agad sa dormitoryo, wala

nang kung ano-ano pang pupuntahan. Huwag kang sasama sa mga rally. Huwag kang magiging aktibista. Huwag kang lalabas ng nag-iisa tuwing gabi. Tatawag ka agad sa amin kapag may problema. Sabi ko naman sa iyo, sa Digos ka na lang mag-aral at nang makapag-uwian ka.

*

Wala ring nagawa sina mommy at daddy nang mapilitan akong lumipat ng kurso. Sa pagtatapos ng unang taon namin sa kolehiyo, bumagsak ako sa isang klase sa matematika na kinakailangan sa iba pang kurso ko sa Agribusiness Economics. Noong una'y hindi ko alam kung anong kurso ang lilipatan ko. Marami rin akong pinagpilian tulad ng BS Biology, BA Anthropology, at BA Communication Arts. Ngunit sa huli, pinili ko ang kursong BA English (Creative Writing), noon pa man ay gustong-gusto ko na ang nagsusulat.

Malaki ang nagawang pagbabago sa akin ng paglipat ng kurso. Mula sa daigdig ng numero at iba't ibang kurba na pinag-aaralan sa larang ng negosyo, ibang kaalaman na ang kinakailangan kong suriin at sipatin. Bagong mga kaklase at kaibigan din ang kinakailangan kong pakisamahan. Ngunit ang naramdaman ko noong mga sandaling iyon ay kalayaan. Iyon pala ang pakiramdam ng pagiging malaya sa iba-ibang kahon na nililikha ng mga aspektong hindi inaasahan, iniimbitahan, o pinapapasok sa buhay. Nakaramdam ako ng kaluwagan sa mga aspekto ng buhay ko. Sa pagkakataong iyon, ako na ang nagpapatakbo nito, wala na ang pamilyang laging nakamando at nagdidikta kung papaano dapat kumilos, gumalaw, at mamuhay.

Makakatagpo kong muli si Victor sa isang klase sa Humanities 1 noong akademikong taon na iyon. Unang semestre ng ikalawang taon namin sa kolehiyo. Sa pagitan ng iba't ibang hulagway, ang pantay-pantay na hitsura ng mga hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha ang agad na bumati sa akin sa unang araw ng klase. Nakita ko agad si Victor na nakaupo sa pinakadulong bahagi ng silid. Tipikal na Victor na tahimik sa isang sulok, hindi kumikibo, nakatungo na pinag-aaralan ang mga nakikita sa armchair, at tila lumilipad ang isip. Umupo ako sa tabi niya at saka nakipagkuwentuhan ukol sa mga bago sa aming buhay. Dito ko napag-alaman na lumipat na rin pala siya ng kurso mula Applied Mathematics patungong Anthropology. Tulad ko, bumagsak din si Victor sa ilang klase niya sa matematika. Pasalamat na lamang daw siya't hindi siya inalisan ng scholarship ng mayor ng kanilang bayan at kung tutuusin, mas gusto niya ang nilipatang kurso. Ngunit batid ko ang lumbay na nakaukit sa mga katagang inuusal niya.

Masuwerte akong hindi ko naging suliranin ang pagtakbo ng bawat oras at semestre lalo na't wala akong hinahabol na taon ng graduation o kaya'y scholarship na kinakailangang pag-ingatan. Ngunit batid kong masakit ang bawat pagkabigo kaya't hindi man sabihin ni Victor, alam kong may lumbay siyang nararamdaman. Ngunit, matatag si Victor, nakikita kong lalo niyang pinagsusumikapan ang pag-aaral at napapansin kong higit siyang naeengganyo sa mga bagong konsepto at pagdalumat na pinag-aaralan. Madalas kaming bumibisita sa library upang humiram ng mga aklat na maaaring magpaliwanag sa mga balangkas na nais naming palalimin pa ang pag-unawa. Magkasabay naming sinuong ang iba't ibang aklat na magpapaunawa sa amin sa iba-ibang salaysay at haraya sa panitikan at sining, tulad ng *sugidanon* ng mga Tumandok kung saan nagpalit ng katauhan ang primera klaseng babaylan na si Nagmalitung Yawa patungo sa pagiging isang lalaki na si Buyong Sunmasakay. Ang lalaking nasa katauhan ng isang buyong ang siyang magliligtas sa magiting na si Humadapnon. Nais naming maliwanagan kung bakit pagkatapos ng pakikipagdigma sa milyon-milyong binukot sa kuweba ng Tarangban ay magpapalit muli ng katauhan si Buyong Sunmasakay patungong Nagmalitung Yawa, at sunod ay lilipad upang dumapo sa batong *binanugan*, at mangangakong hindi na muling magmamahal ng kahit na sinong lalaki sa kanyang buhay. Tinutunton din namin kung saang lunan maaaring imapa ang pagnanasa at pagtataksil sa ugnayan nina Anna at Dmitri sa isang pagkakataon nang magtagpo sila sa Yalta. Pilit naming inuugat ang sapin-saping suliranin ng mga kabataan sa isang malagim na panahon ng batas militar noong dekada '70 sa Davao sa nobelang *Basin Ugma Puhon, Junjun* ni Melchor Morante na pinalala ng walang-patid na pang-aabuso sa kapangyarihan. At tinatalunton namin ang gahom ng *abyan* na sumasapi kay Datu Pikong sa maikling kuwentong "Balyan" ni Macario Tiu. Ang mga ito, at ang iba pang naratibo ng buhay, ang siyang nagbuklod sa amin ni Victor upang higit na maging malapit sa isa't isa.

Minsan ay nagpabasa sa akin si Victor ng isang mubong sugilanon na isinulat niya para sa aplikasyon sa *Himati* – ang opisyal na pahayagan sa unibersidad. Gusto niyang makahingi ng ilang mungkahi bago tuluyang ipasa ang akda. Kuwento iyon ng isang payak na pamayanan sa paanan ng isang malawak na kabundukan. Payapa ang buhay sa pamayanan, kakaunti ang bilang ng pagnanakaw, pagdodroga, at krimen na naitatala sa pang-araw-araw. Maituturong sanhi nito ang takot ng mamamayan sa kanilang makapangyarihang pinuno. Ang lahat ng pinaniniwalaang magkakasala o gagawa ng hindi makatutulong sa kaayusan at sistema ng pamahalaan ay pinarurusahan. Naging tradisyon sa pamayanan ang paglalabas ng listahan ng mga tao na maaaring maparusahan kung patuloy pa rin silang mapagbibintangan na gumagawa ng masasamang gawi. At kung sakaling

walang mangyayaring pagbabago, kamatayan ang siyang parusa na maaaring ipataw sa kanila. Makikita na lamang silang lumulutang sa pinakamalapit na pampang ng ilog o kaya'y nakabitin sa malalagong puno sa gubat na wala nang buhay. Isang batang estudyante ang maglalakas-loob na pumunta sa malaking bahay ng pinuno upang makiusap na tanggalin sa listahan ang pangalan ng kanyang tatay. Ngunit hindi ito pakikinggan ng pinuno. Bunsod ng kawalang pag-asa sa pagiging sarado ng isip ng pinuno, ilalabas ng bata ang isang matalim na matalim na patalim mula sa kanyang bulsa. Ilang saglit pa, susunggaban niya ang pinuno at saka mariin na mariin na itatarak ang bitbit na patalim sa puso nito. Pagmamasdan ng bata ang pinuno habang bumubulwak pa ang dugo sa bibig. Tatakbo ng mabilis ng mabilis ang bata patungo sa mapanglaw na gubat. At doon nagtapos ang kuwento.

"Murag kaila man ko sa mga karakter sa k'wento."

"Unsay maingon nimo sa ending?"

"Kinahanglan jud niya patyon ang pinuno? Dili puyde maghulat sa siya?" Ito ang naisagot ko sa tanong ni Victor kung ano ang masasabi ko sa huling bahagi ng kanyang kuwento.

"Pero nganong wala ka nagcomment nga ang pinuno kay puyde mupatay og tawo nga wa jud klaro kung naay sala?"

Matagal bago ako nakatugon sa tanong ni Victor. Matagal bago ko na-iproseso ang gusto niyang bigyan ng diin. Tila tinakasan ako ng lohika sa pakikitunggali kung papaanong naging ayos lamang sa akin na pumatay ang pinuno ng mga tao na hindi pa naman napapatunayang nagkasala habang hindi ako pumapabor sa ginawang pagpatay ng bata sa pinuno. Natatandaan kong binago ni Victor ang usapan namin at hindi na muling inungkat ang kanyang mubong sugilanon. Ngunit matagal na panahon akong hindi pinatahimik ng mga tanong na iyon ni Victor. Ang pakiramdam ko'y maraming hintuturo ang nakaduro sa akin bunsod ng malabnaw at mababaw na paggagap ko sa mga isyung panlipunan. Matagal-tagal muli ang panahon bago kami nagkita ni Victor matapos ang pag-uusap na iyon.

*

Madalang na ang naging pagkikita namin ni Victor noong mga sumunod na semestre. Kung hindi pa kami naging magkaklase sa Kasaysayan 1 ay malamang na hindi na kami makakapag-usap bunsod na rin ng pagiging abala sa kanya-kanyang pag-aaral at mga gawain. Natanggap siya bilang

manunulat sa *Himati* at naging aktibo sa maraming programa nito habang pinili ko naman ang maging abala sa pag-aaral. Kung tutuusin, sa klase ko na lamang siya nakikita na kadalasan ay hindi pa niya dinadaluhan. Maliit lang naman ang unibersidad ngunit nakapagtataka na bihira ko na lamang siyang makita sa iba-ibang dako at sulok nito.

Isang beses na pumasok siya sa klase namin sa Kasaysayan 1, pinagmasdan ko siya habang abala sa pakikinig sa aming propesor. Mukhang interesado siya sa pinag-uusapan hinggil sa mga Lumad at Moro sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu. Ganoon pa rin naman ang kanyang hitsura, naroon pa rin ang pantay na hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha, tila wala ring pinagbago sa kanyang pangangatawan, ngunit kapansin-pansin ang higit na pagiging kayumanggi ng kanyang balat kung ihahambing sa nakalipas niyang kulay. Noong araw na iyon, aktibong-aktibo si Victor sa klase. Siya ang sumasagot sa tanong ng propesor at nagbibigay pa ng dagdag na dunong hinggil sa kasalukuyang kinakaharap na suliranin sa yutang kabilin ng mga Lumad. Batid ni Victor na mauugat ito sa doktrinang regalia kung saan umaalingawngaw ang kolonyalismong Espanyol at ang lalong pagtindi ng pangangamkam ng lupa sa maling polisiya ng mga Amerikano at kaalyadong politiko sa bansa. Sa palagay ko'y iyon ang pagkakataon na nakita kong masigla si Victor sa talakayan na kakaiba sa naunang imahen niya sa akin na nasa isang sulok, nakatungo lamang, at bihirang magsalita.

Ngunit mayroon din akong napansing pagbabago kay Victor. Sa tuwing iimbitahan ko siyang kumain pagkatapos ng klase, malimit na niya itong tinatanggihan. Madalas niyang sinasabi na kinakapos siya at nagtitipid, o mayroon siyang pulong na kinakailangang daluhan, o mobilisasyon na nararapat puntahan, o kaya naman ay educational discussion na dapat niyang obserbahan. Alam ni Victor na mailap ako sa mga ganitong bagay lalo na't ito ang ipinagbawal nina mommy at daddy. Iyon rin, marahil, ang dahilan kung bakit tinatanggap niya ang mga pagtanggi ko sa kanyang paanyaya sa mobilisasyon at educational discussion. Batid niyang may ilang bagay na inutos sila mommy at daddy na hindi ko kayang suwayin. Ngunit kalaunan, tila nagsawa na rin kaming anyayahan ang bawat isa sa mga gusto naming gawin.

Ngunit isang araw iyon nang malapit nang matapos ang semestre, lumapit sa akin si Victor pagkatapos ng klase namin sa Kasaysayan 1. Niyaya niya akong pumunta sa Kalimudan upang bumili ng Durian shake. May pag-aalinlangan ako noong una ngunit nagpatianod na rin ako sa paanyaya. Marahil, ito ang kapalit ng ilang pagkakataon na tinanggihan niya ang mga

paanyaya kong kumain o ang mga panahon na tinanggihan ko ang kanyang imbitasyon.

Binagtas namin ang daanan mula Admin Building patungong Kalimudan, lumalago na ang mga damo at nalalagas na ang dahon sa puno ng lanzones na pumapalibot sa unibersidad. Sa Kalimudan, umorder kami ng tig-isang Durian shake at saka umupo sa bakanteng upuan sa pahabang mesa upang doon hintayin ang shake.

"Basin mag-stop sa ko next sem."

Hindi naging mabilis ang tugon ko sa sinabi niya. Sinubukan ko munang himayin sa utak ko kung tama ang nairinig ko na baka tumigil na siya sa pag-aaral sa susunod na semestre.

"Duha ang gidrop nako na subjects last sem, gihunong na ang akoang scholarship."

"Unsa man ang plano nimo ron?" pag-uusisa ko sa kanyang plano.

"Daghan man. Puyde ko mag-FT sa pol work o mag-volunteer teacher sa Paquibato. Ambot pa."

Pagkasabi niyon ay bigla siyang tumayo sa upuan at saka tinungo ang tindahan upang kuhanin ang order namin na Durian shake. Ang totoo'y hindi ko alam ang itutugon sa mga sinabi niya. Totoo naman na marami siyang maaaring gawin sa labas ng unibersidad—mag-full time sa mga gawaing pampolitika o kaya ay mag-volunteer teacher sa ilang pampaaralang komunidad sa kanayunan. Hindi na ako nakapagsalita at muli na naman akong tinakasan ng mga kataga. Kinuha ko ang inaabot niyang Durian shake at saka sumipsip dito habang tumatango-tango.

Natapos ang semestre nang hindi na kami muling nagkita ni Victor. Umuwi ako ng Balutakay at doon namalagi sa kabuuan ng bakasyon. Naging abala ako pagtulong sa sakahan ng kape, nag-ani ng mga *cherry* sa tanim upang mabilis itong maproseso. Tumutulong ako sa pagputol sa mga sanga na namunga na upang tumubo ang mga panibagong *cherry*. Tinitiyak ko rin na tama ang sistema na ginagawa ng lahat upang mas madaling maproseso ang mga *cherry* at agad na maipakete bilang kape. Mabusisi ang bawat pinagdaraanang proseso sa pagkakape mula pag-aani, pagbibilad, hanggang pagpapakete. Kung minsan din ay tumutulong ako sa koprahan, ako ang

siyang nagtatala ng mga kopra at balde ng langis na nakukuha. Hindi biro ang pagod ng mga mag-uuma na nagbubuwis ng pawis araw-araw, at kung tutuusin ay tila hindi sapat ang kakarampot na kita upang buhayin ang kani-kanilang mga pamilya. Paminsan-minsan ay naiisip ko si Victor sa mga ganitong pagmumuni-muni, kung naririto siya, tiyak na mayroon na naman siyang maibabahagi hinggil sa nalalaman niya sa puwersa ng paggawa at karapatan ng mga mag-uuma. Sa loob ng halos dalawang linggong sem break, ilang beses din akong nagpadala ng mensahe sa text sa kanya ngunit kahit isa ay wala siyang sinagot.

Nang matapos ang bakasyon, agad akong lumuwas ng lungsod ng Davao upang mag-enroll. Huling taon na namin sa kolehiyo at matatapos na rin ang ilang taon ng pagpupuyat, paggawa ng papel, at pag-aaral sa mga pagsusulit. Makakatapos na kami at maaari nang makapaghanap ng trabaho. Gusto nina mommy at daddy na manatili ako sa Balutakay at pamunuan na ang koprahan at sakahan ng kape, ngunit iniisip kong mamalagi muna sa lungsod ng Davao at doon maghanap ng trabaho o maaari rin namang pumunta ako ng Maynila at subukang doon manirahan.

Sa araw ng enrollment, maaga kong tinungo ang campus at agad na hinanap si Victor. May bahagi sa akin ang umaasang magpapakita siya noong araw na iyon at sasabihing maaari na ulit siyang magpatuloy sa pag-aaral at makapagtapos ng kolehiyo kasabay namin. Ngunit sa karagatan ng nag-iiba-ibang mukha, wala roon ang lalaking may pantay na hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha.

*

Hindi ko inasahang makikita ko siya sa araw ng graduation. Nakatayo siya sa pinakababang hagdan sa Admin Building at lumilinga-linga sa mga tao na dumaraan. Nakikita kong ang iba'y nginingitian niya habang ang iba'y tinatanguan. Halos isang taon ko na rin siyang hindi nakita kaya't may galak akong naramdaman nang muli siyang makatagpo. Mahaba na ang kanyang buhok, tila lalong pumayat ang pangangatawan ngunit bumagay sa ilang pulgada na kanyang itinaas, at higit na naging kayumanggi ang balat. Pinuntahan ko siya sa kinatatayuan niyang hagdan at saka niyakap ng mahigpit na mahigpit. Agad siyang nagbiro na kinakailangan ko siyang ilibre dahil graduate na ako. Binigay ko ang bago kong cellphone number at sinabihan siyang tumawag o magtext kung kailan kami maaaring magkita at nang mailibre ko siya. Bunsod na rin sa kaabalahan ng lahat, hindi gaanong nagtagal ang pag-uusap namin at kinakailangan nang magsimula ang graduation.

Hindi ako nagkamali, dumalo nga siya sa graduation upang lumahok sa Lightning Rally. Bitbit ang iba-ibang panawagan, mabilis na tinungo ng mga progresibong estudyante ang entablado at saka mabilis ding inagaw ang mikropono sa guro ng palatuntunan. Gustuhin ko mang lumahok, alam kong masisira ang araw nina mommy at daddy kung makikita akong naroon sa entablado at nakataas ang kamao. Si Victor ang siyang kinatawan upang magsalita. Matatas at matikas ang kanyang mensahe sa Sugboanong Binisaya na nananawagan sa karapatan ng mga Lumad at sa pagpapanagot sa mga politikong nagsasadlak sa mamamayan sa abang kondisyon. Hindi mo aasahang ito na si Victor ngayon – ang mailap na estudyanteng dati rati'y nakatungo lamang sa likurang bahagi ng classroom na una kong nakilala. Hindi ko alam kung ano ang pangalan o maaaring itawag sa naramdaman ko habang nagsasalita si Victor, ngunit tiyak akong maaari kong ipagmalaki na matalik ko siyang kaibigan.

Sinubukan ko siyang hanapin matapos ang programa ngunit kung gaano kabilis ang kanilang pag-agaw sa entablado, ganoon din kabilis ang kanilang pag-alis. Hindi ko na siya muling nakita matapos ang programa lalo na't nagmamadali nang umuwi sina mommy at daddy. Mayroong inihandang salo-salo sa Balutakay at naghihintay na doon ang ilang kamag-anak namin.

*

Hindi ko sinunod ang kagustuhan nila mommy at daddy na manatili sa Balutakay upang pangasiwaan ang koprahan at sakahan. Pinili ko ang mamalagi sa lungsod ng Davao at subukan ang iba-ibang trabaho doon. Wala na rin silang nagawa, sinabihan ko naman sila na bigyan muna ako ng panahon na bumukod at tiyak na uuwi rin naman ako ng Balutakay kung wala akong mahanap na trabaho. Hindi na sila umimik at hinayaan na lamang ako. Sinubukan ko ang iba't ibang trabaho bilang information officer sa TADECO, PR sa Aboitiz, at copywriter sa isang ad agency. Hindi gaanong malaki ang suweldo sa mga trabahong ito pero napagtiyagaan ko na rin. Ngunit hindi ko na rin nasikmura nang masangkot ang dalawang kumpanyang pinagtatrabahuhan ko sa pagpipiket ng mga manggagawang dumaraing para sa hindi makataong pagpapasahod. Sa mga ganitong pagkakataon ko nararamdaman ang lungkot ng paninirahan sa lungsod. Maganda itong tanawin mula sa itaas ng tinutuluyan kong apartment, maningning at maliwanag, ngunit nagkukubli sa distansya ang dahas na nangyayari sa bawat kabahayan, korporasyon, at kalye ng lungsod.

Natatandaan ko na isang hindi pangkaraniwan na tawag iyon mula kay Emma, kaibigan mula sa kolehiyo. Lunes iyon ng umaga, habang nag-aayos

ng gamit at kararating ko lamang sa opisina, pinakikinggan ko ang humihikbi na si Emma na nagsabing tingnan ko ang ipinadala niyang mensahe sa email. Agad kong binuksan ang kompyuter at saka tiningnan ang binabanggit niyang mensahe. Isang link sa report ng *MindaNews* ang naroon. Balita hinggil sa tatlong miyembro raw ng CPP-NPA na napatay sa isang engkuwentro sa Brgy. Nomoh, Maasim, Sarangani. Binasa ko ang artikulo, ang isa raw sa mga napatay ay nagngangalang Victor Mendez habang ang dalawa'y hindi pa nakikilala. May larawan ng tatlong bangkay na nakahandusay na parang hayop sa artikulo ngunit malabo na ito kaya't hindi na mababanaag ang mukha. Nagtamo raw ng 17 tama ng baril sa katawan si Victor, nakahiwalay ang kaliwang paa nito sa katawan na ikinabit na lamang daw gamit ang masking tape. Detalyado ang pag-uulat sa artikulo kung papaanong punum-puno raw ng pasa ang katawan ng tatlong bangkay, na halatang ginulpi at binugbog. Dagdag pa sa balita, may ilang residente sa Brgy. Nomoh ang nagsasabing walang naganap na engkuwentro sa kanilang lugar. Naroon daw ang grupo nina Victor upang magbigay tulong sa ilang Blaan sa pamayanan nang bigla silang dukutin ng mga lalaking naka-uniporme na pangmilitar. Doon nagtapos ang balita.

Ilang segundo rin akong napatulala sa harap ng kompyuter matapos mabasa ang artikulo. Hindi ko alam ang mararamdaman at iisipin ngunit umaasa akong hindi ang Victor na kilala ko ang Victor na nasa balita. Batid kong marami pang pangarap para sa sarili niyang pamilya at marami pang gustong ipaglaban ang Victor na kilala ko kaya't hindi maaaring siya ang tinutukoy sa balita. Sa mga nakalipas na buwan, sa tuwing may magte-text sa akin mula sa mga hindi pamilyar na numero, umaasa akong si Victor iyon at nangungumusta. Nguni't lagi't lagi'y nagkakamali ako.

Kinuha ko ang cellphone ko at saka nagpadala ng mensahe sa ilang kakilala upang tanungin kung anong nalalaman nila sa nangyari kay Victor. Buong araw akong naghintay ng kumpirmasyon at ang lahat ay iisa ang sinasabi: *pinatay si Victor*.

Pinili kong manatili muna sa opisina at hindi agad umuwi sa apartment. Mas gusto kong lukubin ng pag-iisa ang gabi na animo'y tahimik, payapa, at walang nagaganap na pandarahas. Nagpalipas ako ng gabi sa pagda-drive sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Mula Damosa tinungo ko ang Buhangin at pagkatapos ay lumusot sa Agdao at saka tinungo ang kahabaan ng Matina at saka lumiko sa mga kalyeng walang pangalan kung saan halos dalawang beses akong muntikang makaaksidente. Una'y sa isang taxi paliko sa Ecoland habang ang pangalawa'y sa biglaang pagtawid ng isang lalaki sa labas ng SM Ecoland. Nagpaikot-ikot ako sa lungsod na tila may magkasabay na hinahanap at tinatakasan.

Ikalawang gabi ng lamay nang bumisita ako at mga kaibigan mula unibersidad sa bayan nila Victor sa Matanao. Halos apat na oras ang itinagal ng biyahe mula lungsod ng Davao, lalo na't buhol-buhol na ang traffic sa Ulas pagdating ng a-las-singko ng hapon. Sa isang maliit na simbahang Protestante sa Matanao inilagak ang bangkay ni Victor, tatagal raw ng isang linggo ang burol lalo na't maraming inihandang programa para sa kanya. Hindi rin kalayuan mula sa simbahan ang bahay nila Victor kung saan siya lumaki.

Sa loob ng simbahan, pinalilibutan ng kaliwa't kanang mga bulaklak at mensahe ng pakikidalamhati at paghingi ng hustisya ang mga dingding na yari sa bato ngunit walang pintura. Sinalubong kami ng nanay ni Victor, maliit na babae na marahil nasa 50 ang edad at mayroon nang ilang puting hibla sa buhok. Agad kaming pinapasok at pinaupo sa loob ng simbahan. Nakasarado ang kabaong kaya't hindi na namin makikita ang mukha ni Victor kahit sa kahuli-hulihang sandali. Namamaga raw ang kanyang mukha at may butas sa noo dahil sa tama ng baril. May ilang retrato sa dingding ng simbahan, tanging sa mga ito na lamang namin siya maaaring masulyapan.

Matapos ang pagbisita sa burol ni Victor, ilang gabi rin akong ginambala ng imahen niya at ng pantay na hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha. Isang markadong lungkot ang hatid ng pagyao niya. Isa sa mga unang kaibigan ko sa kolehiyo na kasama sa ilang mahahalagang sandali ng buhay ko sa unibersidad ang tuluyan nang lumisan. Lumipas ang ilang linggo'y hindi pa rin nawala ang iba't ibang hugis ng markadong lungkot na iyon. Ilang beses na naman akong muntikang maaksidente dahil sa pagkawala sa sarili habang nagmamaneho. Sa hinagap ko'y nakikita ko si Victor at ang pantay na hibla ng buhok sa harapan ng kanyang mukha sa mga tumatawid ng kalsada o sa mga pasaherong naghihintay ng masasakyan. May ilang nagagalit sa akin at nababasa ko sa bibig na nagmumura, ang iba naman ay sila ang humihingi ng paumanhin, ang iba nama'y dire-diretso na lamang at hindi na ako pinapansin. Sa trabaho, malimit akong tinatanong kung ayos lamang ako at kung bakit tila lagi akong wala sa sarili. Ngiti lamang ang isusukli ko sa lahat ng nagtatanong. May mga gabing hindi ako nakakatulog ng maayos. Dilat ang mga mata kong tinatanaw ang lahat ng mahahagip ng mata at maiisip ang pribilehiyo sa kalayaang magdalamhati at magmuni-muni sa kabila ng iba-ibang daluyong na sinusuong ng marami. Ngunit tila walang makagagalugad sa nararamdaman ko, walang makakaintindi sa mga araw at oras kung kailan mayroong markadong lungkot na gumagambala, walang makauunawa sa mga pakiramdam ko na tuluyan ko na lamang isinisilid bilang mga lihim na emosyon sa pandama na laging nariyan, nakatanghod, patuloy na nagmumulto, gabi-gabi, hindi lumilisan sa bawat tibok at pintig ng puso't pulso.

**POETIKA**

Ang kuwentong ito ay isang pagtatangka. O marahil, isang pagsasalikop kung saan hinahabi ko ang kumpon ng mga naratibong nasaksihan, naranasan, at nasiyasat. Kuwento ito ng isang matalik na kaibigan sa kolehiyo na pinatay sa gabi ng initiation nila sa sinasalihang fraternity. Lumikha ng ingay at naging balita sa iba-ibang pahayagan at palabas sa telebisyon ang kanyang kamatayan. Kuwento rin ito ng isang estudyante sa dating pinagtuturuan kong unibersidad sa Mindanaw na piniling iwanan ang apat na sulok ng silid-aralan upang higit na matuto sa mapanglaw ngunit mapagkalingang kagubatan. Nobyembre 2014 nang mapatay sa isang engkuwentro ang estudyante sa probinsya ng Sarangani. Dalawang gabi ring ibinurol sa loob ng unibersidad ang kanyang bangkay upang ipagdiwang ang haraya niya't buhay. Kuwento rin ito ng isang guro na nakilala't naging kaibigan sa paaralang Lumad sa Maco, Compostela Valley (ngayon ay probinsya na ng Davao de Oro). Hindi biro ang pag-aalay ng lakas, pawis, at dunong ng gurong ito na buong-puso niyang ibinabahagi sa paaralang Lumad. Dati rin siyang mag-aaral at iskolar ng paaralang Lumad kaya't batid niya ang hirap at sakripisyo ng pag-aaral at pagtuturo. Pebrero 2022, isa ang gurong ito sa limang tao na magiging laman ng balita hinggil sa engkuwentrong naganap sa Brgy. Andap, New Bataan, Davao de Oro. Ilan sa mga bangkay ang sinasabing nagtamo ng 17 tama ng baril, puno ng pasa ang katawan, ginulpi, binugbog, niluray ang katawan kaya't nakahiwalay ang kaliwang paa sa kakabit nitong bahagi na pinagdugtong na lamang gamit ang masking tape. Ayon sa taumbayan ng New Bataan, wala silang nadinig na mga putok ng baril na maaaring hudyat ng isang engkuwentro. Walang naganap na engkuwentro.

Ang kuwentong ito ay isa ring pagpapatianod sa kung ano ang natatanaw at hindi natatanaw. O marahil, isang pagninilay sa kung papaanong hinuhulma ng lipunan at estado ang pananaw-mundo ng mga tao na magkaroon ng aspirasyong umangat sa buhay, mapalaya ang nakagapos na mga kamay, at mabago ang sistema ng daigdig. Batid kong hindi mababago at matutuldukan ng panulat at katha ang nabubulok na rehas na nagpipiit sa karapatan ng bawat isa na huminga ng may dangal at ginhawa, ngunit tinatanaw ko sa kuwentong ito ang layong maisalaysay ang nagsasala-salabid na kuwento ng mga tao na nakilala at naging kaibigan at kung papaanong nililok ng panlipunan, pampolitika, pangkultura, at pang-ekonomiyang suliranin ang galaw at timbang ng kanilang sinapit.

Isang gabi habang binabaybay ko ang landas mula sa inuupahang apartment sa Mintal patungo sa downtown ng lungsod ng Davao, nakakita ako ng nagkumpulang tao malapit sa Ilog ng Bankerohan. Isang nakahandusay na bangkay ang tinabunan ng dyaryo kung saan nakapaligid din ang patak-patak na dugo. Hinding-hindi ko malilimutan ang imahen ng mga tao na pumapaligid sa bangkay: may nakatakip ang ilong gamit ang kanilang damit, may hindi mapakali at gustong lumapit sa bangkay, at mayroon ding naglalakad lamang at hindi inaalintana ang nakahandusay na katawan na siyang patunay sa pagiging bukas na lihim hinggil sa siklo ng pagpatay sa lungsod. Kuwento rin ito ng bangkay ng lalaking iyon, na una't huli kong nakatagpo noong gabing iyon sa Ilog ng Bankerohan, na ngayo'y kabilang na lamang sa mahabang estatistika sa kasaysayan. Ang kuwentong ito, kung gayon, ay isa ring pamamagitan.